



# PATNUBAY SA MISA

8 Pebrero 2015

Ika-5 Linggo sa Karaniwang Panahon

Taong B

## ARAW NG PAGPAPAHALAGA SA BUHAY

### Malapit ang Diyos sa mga Sawimpalad

Si mundong puno ng mga paghihirap at karamdaman, si Hesus ang pinakamabisa't tinatanggap na "ganap na Tagapagpagaling." Dulot niya'y pag-asa at kaligtasan sa lahat ng may karamdaman, bukod sa nangangahulugan ito ng pagkatalo ng Masama.

Ang "pampagaling na paglalakbay," na nagsimula kasunod ng pagpapahayag ng Ebanghelyo mga 2,000 taon nang nakalilipas, ay patuloy pa rin ngayon sa buong mundo. Patuloy si Kristong mahabaging Tagapagpagaling sa kanyang misyon sa pamamagitan ng Simbahan at lahat ng taong may mabuting kalooban na nag-aalaga sa mga maysakit at nagdurusa. Naroon si Kristo't kumikilos sa mga taong nagsisikap at kinakasangkapan ng kanyang pampagaling na pag-ibig para sila'y magpaginhawa sa pagdurusa ng kanilang kapwa. Tandaan natin ito lalo na ngayong ginugunita natin ang "Araw ng Pagpapahalaga sa Buhay."



#### PASIMULA



##### Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

**Halina't ating sambahin ang Diyos na Poon natin. Lumuhod at manalangin sa Manlilikhang butihin. Siya'y Poong mahabagin.**

##### Pagbati

**P**—Ang biyaya at kapayapaan ng ating Diyos Ama at Panginoong Hesukristo ay sumainyo.

**B**—At sumaiyo rin!

##### Pagsisisi

**P**—Natitipon bilang mag-anak ng Diyos, buong pananalig nating hilingin ang pagpapatawad ng Panginoon, pagkat siya'y puspos ng hinahon at habag. (Manahimik saglit.)

**P**—Panginoong Hesus, naparito ka upang makibahagi sa kahinaan ng aming pagkatao. Panginoon, kaawaan mo kami!

**B**—Panginoon, kaawaan mo kami!

**P**—Panginoong Hesus, naparito ka upang pagalingin ang aming mga karamdaman at pagdurusa. Kristo, kaawaan mo kami!

**B**—Kristo, kaawaan mo kami!

**P**—Panginoong Hesus, naparito ka upang ipangaral ang mabuting balita sa mga dukha. Panginoon, kaawaan mo kami!

**B**—Panginoon, kaawaan mo kami!

**P**—Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

**B**—Amen!

##### Papuri

**B**—Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamat ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong

Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

##### Panalanging Pambungad

**P**—Ama naming makapangyarihan, lagi mong lingapin at patnubayan kaming mga kabilang sa iyong angkan. Sa tanging pag-asa naming ikaw ang nagbibigay, kami'y tangkilikin mo at laging subaybayan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B**—Amen!

**PAGPAPAHAYAG NG  
SALITA NG DIYOS**



**Unang Pagbasa** Job 7:1-4,6-7

*Bahagi na ng buhay ng tao ang pagdurusa't kabiguan. Mabubuti mang tao'y dumaranas ng paghihirap gaya ng pinatutunayan ng kuwento ni Job. Palibhasa'y di niya nauunawaan ang sanhi ng kanyang mga pagsubok, ang kaawaawang matanda ay umabot sa malulungkot na kapasiyahang mababasa sa sipi ngayon.*

**L**—Pagpapahayag mula sa Aklat ni Job

**Nagsalita si Job at sinabi niya:** “Ang buhay ng tao'y sagana sa hirap, batbat ng tiisin at lungkot na dinaranas. Siya'y tulad ng alipin, pahinga ang hinahangad, para siyang manggagawa, naghihintay ng kanyang bayad. Maraming buwan na ang lumipas, walang layon ang buhay ko. At tuwing sasapit ang gabi ay namimighati ako. Ang gabi ay matagal, wari'y wala nang umaga, di mapanatag sa highaan at palaging balisa. Mga araw ng buhay ko'y mabilis na nalalagas. Pag-asa ko'y lumalabo, at matuling tumatakas. O Diyos, iyong alalahaning ang buhay ko'y parang hangin. Ang ligaya ng buhay ko'y napalitan na ng lagim.”

Ang Salita ng Diyos!  
**B**—Salamat sa Diyos!

**Salmong Tugunan** Awit 146

**B**—Panginoon ay purihin; siya ay nagpapagaling!

R. M. Velez

Pa- ngi-no-on ay pu- ri- hin, s'ya  
ay nag-pa- pa-ga- ling!

\* Purihin ang Panginoon! O kany buti ng umawit at magpuri sa ating Diyos. Ang magpuri sa kanya'y tunay na nakalulugod. Ang Lunsod ng Jerusalem, muli niyang ibabalik sa kanyang mga lingkod na natapon at nalupig. **B.**

\* Yaong mga pusong wasak ay kanya ring lulunasan. Ang natamo nilang sugat, agad-agad tatapalan. Alam niya't natitiyak ang bilang ng

mga tala, isa-isang tinatawag, yaong ngalang itinakda. **B.**

\* Panginoong ating Diyos ay dakila at malakas. Ang taglay niyang karunungan ay walang makasusukat. Yaong mapagpakumbaba'y siya niyang itataas, ngunit yaong mapag-hambog sa lupa ay ibabagsak. **B.**

**Ikalawang Pagbasa** 1 Cor 9:16-19,22-23

*Ito ay isang magandang buod ng palagay ni San Pablo sa kanyang pangangaral bilang alagad at lahat ng ginawa niya alang-alang sa Ebanghelyo.*

**L**—Pagpapahayag mula sa Unang Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Corinto

**Mga kapatid:**

Hindi ngayo't nangangaral ako ng Mabuting Balita ay maaari na akong magmalaki. Iyan ang tungkuling iniatang sa akin. Sa aba ko, kung hindi ko ipangaral ang Mabuting Balita! Kung ginagawa ko ito sa sarili kong kalooban, ako'y may gantimpalang hihintayin; ngunit ginagawa ko ito bilang pagtupad sa tungkulin sapagkat ito'y ipinagkatiwala sa akin.

Ano ngayon ang aking gantimpala? Ang maipangaral ko na walang bayad ang Mabuting Balita at ang di ko pagkuha ng nauukol sa akin bilang tagapangaral.

Malaya ako at di alipin ninuman; ngunit napaalipin ako sa lahat upang makahikayat ako ng lalong marami. Sa piling ng mahihina, ako'y naging gaya ng mahihina upang mahikayat ko sila. Ako'y nakibagay sa lahat ng tao upang ang ilan man lamang ay maligtas ko, kahit sa anong paraan.

Ginagawa ko ang lahat ng ito alang-alang sa Mabuting Balita, upang makabahagi ako sa mga pagpapala nito.

Ang Salita ng Diyos!  
**B**—Salamat sa Diyos!

**Aleluya** Mt 8:17

**B**—Aleluya! Aleluya!

Inako ni Hesus ang sakit ng mga tao upang matubos n'ya tayo!  
**Aleluya! Aleluya!**

**Mabuting Balita** Mc 1:29-39

*Si Hesus ay laging handang magdulot ng buti sa iba, lalo na sa mga maysakit at binabagabag ng demonyo. Sa Ebanghelyo ngayon, binibigyan-diin ni San Marcos ang katangiang ito sa*

*pag-uulat sa atin ng karaniwang araw sa buhay ng Panginoon.*

**P**—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos

**B**—Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, mula sa sinagoga, si Hesus ay nagtuloy sa bahay nina Andres at Simon. Kasama niya sina Santiago at Juan. Nararatay noon ang biyenan ni Simon Pedro, dahil sa matinding lagnat, at ito'y agad nilang sinabi kay Hesus. Nilapitan ni Hesus ang babae, hinawakan sa kamay at ibinangon. Noon di'y inibsan ito ng lagnat at naglingkod sa kanila.

Pagkalubog ng araw, dinala kay Hesus ang lahat ng maysakit at ang mga inaalihan ng demonyo, at nagkatipon ang buong bayan sa may pintuan ng bahay. Pinagaling niya ang maraming maysakit, anuman ang kanilang karamdaman, at nagpalayas siya ng mga demonyo. Hindi niya hinayaang magsalita ang mga ito, sapagkat alam nila kung sino siya.

Madaling-araw pa'y bumangon na si Hesus at nagtungo sa isang ilang na pook at nanalangin.

Hinanap siya ni Simon at ng kanyang mga kasama. Nang siya'y matagpuan, sinabi nila, “Hinahanap po kayo ng lahat.” Ngunit sinabi ni Hesus, “Kailangang pumunta rin naman tayo sa mga kalapit-bayan upang makapangaral ako roon – ito ang dahilan ng pag-alis ko sa Capernaum.” At nilibot niya ang buong Galilea, na nangangaral sa mga sinagoga at nagpapalayas ng mga demonyo.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

**B**—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesuskristo!

**Homiliya**

**Sumasampalataya**

**B**—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesuskristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at

huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

### Panalangin ng Bayan

**P**–Buong pananalig tayong dumulog sa trono ng Banal na Awa at iharap ang ating mga kahilingan sa Panginoon sa matibay na pag-asang diringgin niya tayo. Sabay-sabay tayong manalangin:

**B**–Panginoon, dinggin mo kami!

\* Para sa Simbahang panlahat na nagpapatuloy sa maraming siglo ng nagpapagaling na misyon ni Kristo: Nawa tupdin niya ito nang buong katapatan at pagkabukaspalad. Manalangin tayo! **B.**

\* Para sa Santo Papa at lahat ng kalahok sa pangangaral ng Mabuting Balita: Nawa matamo nila ang bunga ng kanilang paglilingkod sa buhay ng kanilang mga kawan. Manalangin tayo! **B.**

\* Para sa mga doktor, narses, at lahat ng nasa paglilingkod ng pagpapagaling: Nawa makita nila si Hesus sa kanilang mga pasyente at gamutin nila ang mga ito nang buong ingat. Manalangin tayo! **B.**

\* Para sa mga maysakit at matatanda: Nawa matagpuan nila sa kanilang mga kamag-anak at mga kasama sa pamayanan ang pagkalinga upang mapasan nila ang kani-kanilang krus nang marangal at may pag-asa. Manalangin tayo! **B.**

\* Para sa mga kasama sa ating pamayanan: Nawa matuto tayo kay Hesus kung paanong maging mahinahon sa lahat at puno ng sigla para sa pangangaral ng Mabuting Balita. Manalangin tayo! **B.**

\* Para sa ating lahat: Nawa puspusin tayo ng Espiritu Santo ng paggalang sa kabanalan ng buhay ng tao buhat sa paglililihi sa kanya hanggang kamatayan, upang makatulong tayo sa lahat ng nagsisikap na itampok ang

kahalagahan nito. Manalangin tayo! **B.**

\* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahilingan. (*Tumigil saglit.*)

Manalangin tayo! **B.**

**P**–Panginoong Diyos, tulungan Mo kaming tumulad kay Hesus, ang “Tao para sa Iba” na buong habag na nakikitungo sa mga nagtitiis ng ano mang pagdurusa. Matuto nawa kami sa kanyang maging malapit sa mga sawimpalad at para sa kanila’y maging mga kasangkapan ng Iyong mapagpagaling na pagmamahal. Ikaw na nabubuhay at naghahari magpakailanman!

**B**–Amen!



**P**–Manalangin kayo. . .

**B**–Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

### Panalangin ukol sa mga Alay

**P**–Ama naming Lumikha, ang pagkai’t inuming narito ay iyong ginawa upang mapalakas kaming mga mahihina. Ipagkaloob mong ito ay aming mapagsaluhan bilang pakikinaabang sa buhay mong pangmagpakailanman sa pamamagitan ni Hesuskristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B**–Amen!

### Prepasyo V

**P**–Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat.

Ikaw ang lumikha sa tanan. Ikaw ang nagtakdang magkaroon ng gabi at araw, gayundin ng tag-init at tag-ulan. Ikaw ang humubog sa tao bilang iyong kawangis na mapagkatiwalaang mangasiwa sa daigdig. Ikaw ngayo’y pinaglilingkuran sa pagganap sa pananagutan ng iyong pinagtitiwalaan sa pamamagitan ng Anak mong mahal.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan: **B**–Santo, santo, santo. . .

### Pagbubunyi

**B**–Aming ipinahahayag na namatay ang ‘yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.



**B**–Ama namin. . .

**P**–Hinihiling namin. . .

**B**–Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

### Paanyaya sa Kapayapaan

### Paghahati-hati sa Tinapay

**B**–Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

### Paanyaya sa Pakikinaabang

**P**–Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging. **B**–Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpapatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

### Antipona ng Pakikinaabang

(*Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.*)

Ang D’yos ay pasalamat sa pag-ibig n’ya sa tanan. Pagkai’t inuming tunay na may dulot kasiyahan ang sa ati’y kanyang bigay.

### Panalangin Pagkapakinabang

**P**–Ama naming mapagmahal, sa pagkai’t inuming pagkakaisa ang ibinibigay kami’y niloob mong makapakinabang. Kaisa ni Kristo kami nawa’y makapamuhay upang makapamunga nang may kagalakan para sa kapakanan ng aming kapwa tao sa sanlibutan sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B**–Amen!



**P**–Sumainyo ang Panginoon.

**B**–At sumaiyo rin!

**P**—Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos.

(*Manahimik saglit.*)

Pagkalooban nawa kayo ng Panginoon ng kalusugan upang makatulong kayo para sa kapakanan ng inyong mag-anak at iba pang kasama sa pamayanan.

**B—Amen!**

**P**—Pagkalooban Niya nawa kayo ng pusong mahabagin sa lahat ng nagdurusa, nang kayo’y maging para sa kanila isang tanda

at kasangkapan ng Kanyang nakagagaling na pagmamahal.

**B—Amen!**

**P**—Pagkalooban Niya nawa kayo ng pang-unawa sa kabanalan ng buhay, at lalo na ng buhay pantao. Tulungan Niya nawa kayong magtanggol at mag-alaga rito para sa kabutihan ng sangkatauhan.

**B—Amen!**

**P**—Pagpalain nawa kayo ng maka-

pangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

**B—Amen!**

**P**—Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalin at paglingkuran ang Panginoon sa inyong kapwa.

**B—Salamat sa Diyos!**



## Pagpapagaling sa Bisa ng Pag-ibig ni Kristo

**H**indi kailangang maging pesimista ang isang tao upang kanyang mapagpasiyahang lubhang maraming paghihirap sa mundo. Ito ay isang katotohanang sintanda ng sangkatauhan; isang katotohanang tulad ng pagkakaiba ng kulay abo . . . Tayo ay nagdadalamhati sa paghihirap na moral, espiritwal at pisikal . . . ang lahat ng ito ay nagpapaaba sa buhay . . . isang tunay na “Daan ng Krus.”

Sa lahat ng anyo ng paghihirap, ang kadalasang lalong kapansin-pansin ay ang paghihirap ng katawan. Laging kaawa-awang makita ang mga lumpo, mga ketongin, mga taong may kanser . . . mga bulag, pilay, o panghabang-buhay na nakaratay sa banig ng karamdaman . . . **Sa kabila ng pagsulong ng makabagong medisina, lahat ng mga tinamaan ng sakit ay nakararanas pa rin ng panghihina ng kalooban at kahihyan.**

Ang paghihirap ng katawan ay naririto pa sa atin, at kung alam lamang natin, ay mananatili rito, sa mga bago at nakalilitong anyo.

**Ang sakit ng katawan ay isang palagiang pagpapaalala sa karupukan ng kalagayan ng tao sa mundo. Ito rin ay isang tanda na ang panahon ng paghahari ni Satanas ay**


**napakalaganap pa rin, at ang Kaharian ng Diyos ay hindi pa nagiging ganap.** Tanging sa Bagong Jerusalem na “papahirin . . . ang kanilang mga luha sa kanilang mga mata, at wala nang kamatayan, dalamhati, pag-iyak at sakit . . .” (Pah 21:4).

Subalit **ang mga pagpapagaling na ginawa ni Hesus ay palatandaang ang Kaharian ng Diyos ay naitalaga at nagsisimula na.**

Ang kaligtasan na ipinahahayag ni Hesus ay ganap, at sa kanyang mga pagpapagaling may katibayan tayong ito ay tiyakang magiging ganap sa lubusang pagsapit ng Kaharian ng Diyos.

**Si Hesus ay siyang nagliligtas sa tao sa lahat ng sakit. Ang kanyang pamamagitan ay bahagi ng kanyang misyon upang mabawasan ang mga paghihirap**—bahagi ng Magandang Balita na kanyang ipinahahayag.

Bilang mga Kristiyano, tayo ay hindi lamang mga taong pinagaling ni Hesus nang buong awa. **Tayo ay tinawag upang magmalasakit sa mga karamdaman ng sangkatauhan at gawin ang lahat nating magagawa upang mabawasan ang mga ito.** Ang pananagutan nating ito ay magiging isa sa pinakamabisang pagpapahayag ng Magandang Balita. Ito ay isa sa mga malinaw na tanda na ang Kaharian ng Diyos ay palagiang nakapangyayari sa ating mundong nagdurusa.



**MALAPIT NA . . .**

Peb 11 – Mahal na Birheng  
Maria ng Lourdes



**WORD & LIFE  
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, C. Valmonte, Sr. F. Santos, SMI, G. Ramos, R. Molomog, D. Daguio,

V. David, M. San Agustin • Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: F. Edjan